# Ano ang 'Kaigo'?

**ALAM** ba ninyo ang ibig sabihin ng salitang Hapon na 'Kaigo'? ang Kaigo ay isang nurse na nagaalaga sa mga matatanda na karaniwan ay edad 65 pataas. Lalo na sa Japan na kilala para sa haba ng buhay ng mga matatanda ay marami ang nangangailangan ng 'kaigo' na tutulong sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang pagiging 'kaigo' ay itinuturing na isang napakahalagang trabaho.

Ang problema, marami sa mga banyagang nakatira sa Japan na gustong maging 'kaigo' ay labis na nahihirapan dala ng dami ng mga salitang nakasulat sa Katakana at Kanji. Para makatulong sa inyo, kami ay gumawa ng ilang mga libro kung saan mas maiintindihan ang mga salitang nasa Katakana at Kanji na ginagamit sa trabaho ng isang kaigo.

Ang mga librong ito ay ginagawa ng pamahalaan ay ipinapamahagi sa mga taga-Pilipinas at Indonesia na nagpupunta sa Japan para maging kaigo sa ilalim ng EPA (Economic Partnership Agreement). Mababasa ang mga libro sa Spanish, English at Portuguese para sa iba't ibang mga banyagang nakatira sa Japan. Ang bawat set ay binubuo ng tatlong libro at iba sa mga librong tungkol sa mismong trabaho ng kaigo.




**Book 1:**

Nilalaman ng unang libro ang may 300 basic na kanji at halos 600 na salitang binubuo ng basic kanji. Ang mga aralin ay ginagamit sa konteksto ng trabaho ng isang kaigo. Mayroon ding isang CD na kasama kung saan mayroon namang 240 salita sa katakana na muling kaugnay ng pagiging kaigo.

**Book 2:**

Mayroon naman itong halos 2,200 na salita na binubuo ng 429 kanji sa susunod na level ng 300 basic kanji. Maraming matutunan sa librong ito, at maaari pang gamiting na parang talasalitaan para sa mga salitang kanji.

**Book 3:**

Workbook naman ito para mas makabisado sa mga laman ng Book 2.

Libre po naming ibinibigay sa mga totoong nangangailangan ang mga librong ito, partikular sa mga nagtatrabaho o gustong magtrabaho bilang kaigo. Ang postal fee lamang ang inyong kailangang bayaran, na halos 1000 Yen lamang (nag-iiba ang bayad depende sa kinaroroonan ninyo).

Para sa iba pang mga katanungan, makipag-ugnayan lamang sa amin sa:

General Association of International Communication & Learning Japanese Support

Uchiyama Mieko: Tel / Fax 046-873-3716 090-9688-4903

E mail:utiamar@ybb.ne.jp